# Ebanghelisasyon na may Kapangyarihan

A Lord's Flock General Assembly Topic
Ni: Fr. JC Gallora, Disciples of Hope
Enero 13, 2024

Noong 1991, ang pagtitipon ng mga obispo, pari, layko ay nagdaos ng 2nd Plenary Council sa San Carlos Pastoral Complex upang masuri ang kalagayan ng simbahan sa Pilipinas at tukuyin ang mga isyu na kailangang tugunan. Isa sa mga obserbasyon ay ang simbahan ay nakatuon lamang sa pagsasagawa ng mga sakramento at hindi sa pagtuturo ng ebanghelyo. Patuloy ang ganitong suliranin hanggang sa ngayon dahil sa pagtanggi ng marami na tumulong para sa pagbabago, para sa pagpapanibago at pagpapa-alab ng serbisyo. Dahil tayo ay nabinyagan na, lahat dapat tayo ay taga-pagturo ng ebanghelyo. Ito ay nagbibigay sa atin ng kapangyarihang magbigay ng inspirasyon sa iba habang naglalakbay tayo sa pananampalataya.

**1. Ang Ebanghelisasyon ay may tatlong pangunahing elemento:**

1. 1."Martur"- nagpapatotoo
1.2. "Koinonia"- komunyon
1.3. "Diaconia"-serbisyo

Lahat sila ay magkaka-ugnay. Hindi tayo nakikipag-ugnay sa bawat isa kung hindi natin kayang ipagmalaki ang ating pananampalataya at ang mabuting balita ng ating kaligtasan.

**2.** Ang **PAGPAPATOTOO** ay ang pinaka-simpleng elemento. Ang dapat nating gawin ay ipakita ang ating pananampalataya sa mga gawain natin sa araw-araw.

2.1. Para makapagpatotoo, hindi kailangang maging sikat o mayaman tayo.

2.2. Gawing natural ang ating pagpapatotoo tulad ng paghinga sa pamamagitan ng pagsasanay nito sa lahat ng pagkakaton.

2.3. Kahit may mabuting hangarin ang ating pagpapatotoo, hindi dapat ito ipilit sa iba.

**3.** Ang ibig sabihin ng **KOINONIA** ay pakikipag-isa sa puso ng Diyos. Ang isang grupo ng tao na magkakasama ay hindi nangangahulugang isang komunyon. Diyos lamang ang makapagsasabi kung tunay ang ating pakiki-isa.

3.1. Nakipag-isa at nakiramay si Hesus sa senturyon maski hindi Niya ito dapat gawin**.**

3.2**.** Ang mga taong tunay na nakiki-isa ay dapat nakakapagpabago ng buhay sa pamamagitan ng pagpapakilala nila kay Hesus, pagpapalaganap ng pag-ibig, kapayapaan at katarungan.

3.3. Upang maging mahusay na taga-pagturo ng ebanghelyo, dapat tayo ay patuloy na makinig sa mga turo na nagpapalalim ng ating pananalig.

3.4. Ang pakikipag-isa sa Diyos ay magdadala sa atin sa tunay na pakikipag-isa.

4. Ang ibig sabihin ng **DIAKONIA o SERBISYO** ay ang isip at puso natin ay tapat at buo.

4.1. Araw-araw, gumagawa tayo ng mga pagpipilian at naghahanda upang maglingkod. Ang mga layko ang nangunguna sa ebanghelisasyon.

4.2. Maraming anyo ang serbisyo. Ipagdasal natin ang serbisyo/regalo kung saan tayo magiging mabisa at makatutulong. Dapat tayo ay nag-aalab para makapag-bigay tayo ng inspirasyon (Pope Francis). Mayroon tayong likas na kakayahan na nag-aantay lamang itong pag-alabin.

4.3. Huwag mawalan ng pag-asa o panghinaan ng loob. Alam ng Diyos kung ano ang gagawin. Basta gawin lamang natin ang ating makakaya nang may pagmamahal, pananampalataya at pag-asa.

4.4. Sa paglilingkod, alagaan din natin ang ating sarili. Hindi tayo makapaglilingkod nang lubusan kung hindi maayos ang ating kalusugan. Pakiramdaman ang sarili, magpahinga, kumain ng sapat at dapat, maglibang, magdasal at magnilay.

**Konklusyon**: Lahat tayo ay taga-pagturo ng ebanghelyo. Ngunit kailangan natin ang tuloy-tuloy na pakikinig sa mga turo sa ebanghelyo. Magsimula tayo sa simpleng proyekto na may katapatan, pagmamahal at habag. Ipakita natin kung paano ang pagmamahal nagdulot ng pagbabago, pagpapabuti, bagong prayoridad, bagong interes, at bagong antas ng paglingkod.

**Pagninilay:**

1. Paano mo pa-iigtingin ang iyong pagsisikap sa pagtuturo ng ebanghelyo ngayong 2024?
2. Ano ang babaguhin mo upang maitaas ang antas ng iyong paglilingkod sa kapwa at sa komunidad?

**Scribes Ministry:**
Isinalin ni: Sis. Thess P. Sarmiento
Na-edit ni : Sis Nida A. Cruz
https://lordsflock.org/digests
Tags: #Ebanghelisasyon